ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 21
Nobyembre 7, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Umaalingasaw na kasinungalingan at malupit na pasismo ni Duterte

Sa nagdaang mga linggo, walang-kahihiyan si Duterte at kanyang mga pasistang kasapakat sa pambabaluktot sa katotohanan sa imbing layuning siraan ang Partido at rebolusyonaryong kilusan. Isa itong desperadong tangka na bigyang-matwid ang lalong mapaniil na mga hakbangin para supilin ang paglaban ng mamamayang Pilipino sa kanyang paghaharing tiraniko at terorista.

Una, hangal niyang isinakdal ang BHB na diumano'y nasa likod ng pagmasaker ng siyam na magsasaka noong Oktubre 20 sa Sagay, Negros Occidental na nakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa. Napakalaki nitong kabalighuan gayong bago nito'y tinuligsa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga magsasaka na umano'y mga tagasuporta ng BHB. Naghuhugas ng duguang kamay si Duterte sa harap ng nag-uumapaw na ebidensya na ang brutal na pagpatay ay kagagawan ng mga paramilitar na SCAA na pinatatakbo ng AFP. Sinundan pa ang karimarimarim na masaker na ito ng pagpaslang ng mga ahente ng estado sa abugado ng mga pamilya ng mga biktima.

Kamakailan naman, pilit na inilalarawan ni Duterte ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) na kontra-Lumad sa isang buktot na kampanya ng paninira. Napakakapal ng apog ng AFP, mga ba-

*"Kasinungalingan...," sundan sa pahina 2*

# Phil. Marines, pininsalaan ng BHB-Sultan Kudarat

DALAWAMPU'T WALONG sundalo ng Marine Battalion Landing Team 2 (MBLT 2) ang naitalang patay sa mga atake ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat mula Setyembre-Oktubre.

Noong Oktubre 14, alas-9 ng umaga sa Barangay Batangbagras, Palimbang, Sultan Kudarat, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang 3rd Marine Company Reconnaissance Group-Marine Brigade Special Unit. Umabot ng 15 minuto ang labanan na ikinasawi ng pitong sundalo. Ligtas na nakaatras ang BHB.

Makalipas ang 30 minuto, kinanyon ng militar ang pinangyarihan ng ambus na pu-

*"Sultan Kudarat...," sundan sa pahina 3*

*"Kasinungalingan...," mula sa pahina 1*

yarang kriminal na traydor sa mga Lumad at mga tauhan ni Duterte na nasa unahan ng kampanyang ito. Ang totoo, ang AFP ang walang-habas sa pag-atake sa mga Lumad sa tangkang pilitin silang isuko ang kanilang lupang ninuno para dambungin ng malalaking plantasyon at minahan.

Nais ni Duterte na siraan ng loob ang mamamayan sa pagsumang niya sa BHB, ang kanilang tunay na hukbo na ubos-kayang naglilingkod sa kanila. Imbing hangarin ni Duterte at ng AFP na basagin ang pagkakaisa ng BHB at ng masang anakpawis. Nais niyang pagkaitan ang masa ng katwirang moral na magtanggol laban sa armadong panunupil, pang-aapi at pagsasamantala.

Kasabay ng kampanyang ito, muling itinulak ni Duterte ang kaso para ideklara at tatakang "terorista" ang PKP at BHB. Gagamitin ito upang lalong paghigpitan ang iba't ibang mga pwersang oposisyon na tinatagurian ng AFP na lihim na kasapakat ng PKP sa hinabing kwentong "Red October."

Patuloy ang pagtatangka ni Duterte na isangkalan ang Partido upang palawigin at pasaklawin ang batas militar na ngayo'y nakapataw sa Mindanao. Nagmamadali siyang ipataw ito sa buong bansa upang tiyakin ang resulta ng eleksyon sa Mayo 2019 at siguruhin ang kontrol sa kongreso at ang proyektong pederalismo para makapagtagal pa siya sa poder.



Ang kampanya ng pagbato ni Duterte ng malalaking kasinungalingan laban sa rebolusyonaryong kilusan ay kaakibat ng walang-habas na gerang panunupil sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Isang brutal na todong-gera ang isinasagawa ng AFP sa kanayunan na kinatatampukan ng laganap na pagpatay, tortyur, pag-aresto at pagkulong at iba pang mga abusong militar at paglabag sa karapatang-tao, at malalaking operasyong kombat na sinusuportahan ng mga kanyon, helikopter at *drone* na may ayuda at tuwirang payo ng militar ng US.

Upang lumikha ng ilusyon ng tagumpay, libu-libong magsasaka ang nililinlang at ipinaparada bilang "sumurender na mga NPA." Pero taliwas sa layunin ng AFP, lumalapit ang mga biktimang ito sa BHB para isumbong ang pang-aabuso ng militar, humingi ng katarungan at sumuporta sa hukbong bayan.

Sa nakaraang mahigit dalawang taon, dumagsa ang basura ng malalaking kasinungalingan ni Duterte. Walang-sawa si Duterte sa paggamit ng kanyang poder at paglustay ng daan-daang bilyong piso ng pera ng bayan sa paghabi ng pantastikong mga kwento.

Gamit niya ang pasistang doktrina ng Malalaking Kasinungalingan ni Hitler: Ulit-ulitin ang kasinungalingan, hanggang iyon ang paniniwalaang katotohanan; at kung lalong malaki ang kasinungalingan, mas mainam, dahil sino ang mag-iisip na may buhong na gagawa ng dambuhalang pambabaluktot sa katotohanan.

Angkop na angkop ang gayong taktika kay Duterte na matabil, marumi ang bibig, hayok sa atensyon at pasistang uhaw sa dugo. Sa ilalim ng kanyang paghahari, mas malaki at mas salaula ang kasinungalingan, mas marumi at mabaho ang mga itinatagong lihim. Subalit gaanupaman kalaki ang mga ilusyon at huwad na dramang nalilikha ni Duterte, bigo siyang pigilang sumingaw ang umaalingasaw na mga sikreto ng kanyang bulok na paghahari.

*"Kasinungalingan...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 21 | Nobyembre 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Umaalingasaw na kasinungalingan at malupit na pasismo ni Duterte 1

Phil Marines, pininsalaan ng BHB 1

Mga kasinungalingan ni Duterte 4

Abogado ng Sagay 9, pinaslang 6

Mga salarin sa masaker, tukoy na 7

Militarisasyon sa Samar 8

Kampanya kontra usura sa Capiz 8

Mga protesta 9

Gawaing kultura sa base 10

Pagpapanday ng Partido sa Peryo 12

Ang *black budget* ng rehimen 13

Kriminalidad laban sa kababaihan 14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Kasinungalingan..," mula sa pahina 2

Sunud-sunod ang mga hungkag na kwento ni Duterte na nagsisilbing pantabing sa nagnanaknak na naghaharing sistema at kabulukan ng kanyang rehimen. Pawang malalaking palabas ang kanyang diumano'y "gera kontra-droga", "gera kontra-korapsyon," astang anti-US, makakasarinlan at maka-kapayapaan.

Hibang si Duterte sa pag-aakalang lubos niyang mapaniniwala ang mamamayang Pilipino sa likha niyang ilusyon at drama. Malinaw na sa mamamayan na si Duterte ang panginoon ng lahat ng sindikato sa droga, utak ng korapsyon, sunud-sunuran sa US, taksil sa bayan, bentador ng pambansang kasarinlan at numero unong pasista.

Hibang si Duterte sa pag-aakalang mapatatahimik o masisindak niya ang mamamayan sa kanyang pagsisinungaling at pagwawasiwas ng karahasan ng estado. Para siyang sirang-plaka sa pagdeklarang pupulbusin niya ang BHB pagsapit ng kalagitnaan ng 2019, matapos mabigo ang unang deklarasyong gagapiin ito bago magtapos ang 2018. Ang katotohanan, patuloy na sumusulong ang armadong pakikibaka sa buong bansa.

Sa harap ng tumitinding krisis sa ekonomya at kabuhayan, pabigat na buwis at iba pang pahirap na patakaran, burukrata-kapitalistang korapsyon, imperyalistang panghihimasok at pagpapahirap, krimen at narko-pulitika, at lalong malupit na armadong pagsupil sa ilalim ng rehimeng Duterte, lalong dumarami ang nahihikayat na lumahok sa iba't ibang anyo ng pakikibaka.

Hindi natitinag ang determinasyon ng sambayanang Pilipino na makibaka upang wakasan ang tiraniya at terorismo ni Duterte. Hindi sila natitigatig, bagkus, lalo pang napupukaw na bagtasin ang landas ng armadong rebolusyonaryong paglaban. AB

"Sultan Kudarat...," mula sa pahina 1

minsala sa sariling tropa na hindi lumisan sa lugar. Matapos ang dalawang linggong *rescue and retrieval*, umabot sa 35 bangkay ng mga sundalo ang narekober.

Maliban dito, kinumpirma ng BHB-Far South Mindanao Region (FSMR) na 21 sundalo ng MBLT-2 ang napatay sa Barangay Sangay, Kalamansig sa magkasunod na atakeng inilunsad ng BHB laban sa mga sundalo noong Setyembre 16-17 *(Basahin sa* Ang Bayan *Oktubre 7, 2018.)*.

Ang pinaigting na kampanyang militar ng MBLT 2 ay naglalayong hawanin ang lugar para sa muling pagpasok ng malawakang operasyong pagtotroso ng DM Consunji Incorporated. Mahigit dalawang taon nang natigil ang operasyon ng kumpanya dahil sa matatag na paglaban ng mamamayang Lumad at sa armadong kampanya ng BHB laban dito.

Ayon pa sa BHB-FSMR, maaaring mas malaki pa ang bilang ng kaswalti sa hanay ng militar dahil sa ispontanyong mga armadong paglaban ng mga Lumad na Dulangan-Manobo laban sa DMCI at MBLT 2.

Ipinagbunyi ng mga Lumad na Dulangan-Manobo ang kabiguan ng kampanyang militar na naglalayong bigyang-proteksyon ang mapaminsalang negosyo ng mga Consunji. Patuloy ang kanilang pagsuporta at paglahok sa mga punitibong aksyon laban sa DMCI at mga pasistang protektor ng kumpanya.

**Quezon.** Matagumpay ang inilunsad na kontra-atake ng BHB-Quezon laban sa tropa ng 92nd IB sa Sityo Tiklupan, Umiray, Gen. Nakar noong Oktubre 27, alas-9:49 ng umaga. Dalawa ang patay at tatlo ang malubhang nasugatan sa mga sundalo habang walang napinsala sa hanay ng BHB. Tumagal ng 20 minuto ang putukan.

Mula pa noong Mayo ay tuluy-tuloy nang inaatake ng laking-batalyong pwersa ng 2nd ID ang Gen. Nakar, na pumipinsala sa mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontado sa lugar.

**Camarines Sur.** Inisnayp ng BHB ang nag-ooperasyong pwersa ng Bravo Coy 83rd IB sa hangganan ng mga barangay ng Mainit at Sooc, Bato, Camarines Sur noong Oktubre 22, alas-4:40 ng hapon. Nasawi rito ang kumander ng yunit na si 2Lt. Jayson Frederick Pasco. Isa pang sundalo ang nasugatan.

Matapos ang pangyayari, dumagsa ang dagdag na pwersa ng 83rd IB na umaabot sa mahigit isang kumpanya upang tugisin ang BHB sa lugar. Mahigit isang linggo ang inabot ng todong operasyong militar sa ilang barangay ng Bato. Ayon sa Edmundo Jacob Command, "...dahil alam ng masa na makatarungan at para sa kanila ang ipinaglalaban ng mga kasama, ligtas at nakamantine ang mga kasama sa lugar sa kabila ng ginawang operasyong dumog ng mersenaryong sundalo."

**Negros Oriental**. Halos magkasabay na inatake ng BHB-Negros Oriental ang dalawang kampo ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 7 ng Philippine National Police sa Guihulngan City noong Oktubre 30.



Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng mga pulis sa hangganan ng mga barangay ng Balugo at Hinakpan, alas-11 ng umaga. Kasabay nito, inatake rin ang punong himpilan ng RMFB 7 sa Sityo Liko, Barangay Bulado. Isang pulis ang malubhang nasugatan sa operasyong haras. AB

# Pinakamalalaking kasinungalingan ni Duterte

## 1 "Gera kontra-droga"

"Ayaw ko ng droga," deklarasyon ni Duterte. Pero ang totoo, si Duterte mismo ngayon ang pinakapanginoon ng lahat ng sindikato sa droga. Kumpadre niya ang isa sa pinakamalaking *druglord*, si Peter Lim. Mahigit 20,000 na ang pinatay ng kanyang mga pulis at *death squad*, kabilang ang sinasabing pinuno ng sindikato sa Visayas (Espinosa) at Mindanao (Parojinog). Ginamit niya ang "gera kontra-droga" upang paluhurin ang mga sindikato. Tinarget ni Duterte ang mga lokal na gumagawa ng *shabu* at kinontrol ang ismagling nito. Nabunyag na noong Mayo 2017, sangkot ang kanyang anak (Vice Mayor Pulong Duterte ng Davao City) at manugang (Mans Carpio, asawa ni Sara) sa pagpasok ng mahigit P6 bilyong halaga ng *shabu* mula China. Tinataya namang 1.6 tonelada o P11 bilyong *shabu* ang nakapasok sa bansa nitong Hunyo. Sa halip na sisantehin, ginantimpalaan pa ng mas mataas na pusisyon sa gubyerno si Isidro Lapeña, ang pinuno ng Bureau of Customs na "nalusutan" ng shabu. Sa halip na ikulong sa Bilibid, ang naunang "nalusutang" hepe ng Customs na si Nicanor Faeldon ay hinirang pang pinuno nito.




## 2 Pagkubkob sa Marawi

Limang buwang binomba ni Duterte ang Marawi City noong Mayo-Oktubre 2017 para diumano pulbusin ang grupong Maute. Ito ay sa kabila ng alok ng mga lider Moro at relihiyoso na mamagitan at idaan sa usapan ang pagresolba sa armadong pag-aalsa. Ang totoo, pinulbos ni Duterte ang syudad para tiyaking wala nang mababalikan ang mga residente, dambungin ang kanilang mga ari-arian at kopohin ang mga bentahe sa rekonstruksyon nito. Nag-unahan ang mga nagriribalang burgesyang komprador sa pinakamalalaking kontrata. Nabunyag dito ang anomalya na kabilang sa mga nakakuha ng pinakamatabang kontrata ang pamilya ni Bong Go, personal na alipures ni Duterte. Nito na lamang Oktubre 31 natuloy ang "groundbreaking" o pormal na pagbubukas sa Marawi City para sa malalaking dayuhan at lokal na kapitalista matapos ang halos isang taong negosasyon ng kanilang mga kumpanya sa pangkating Duterte. Subalit mahigit 214,000 residente pa ng Marawi ang hindi pa pinahihintulutang makauwi. Samantala, sinimulan nang itayo ang isang kampong militar sa sentro mismo ng syudad, sakop ang dating komersyal at residensyal na mga pook.

## 3 Boracay

Sa ngalan ng "paglinis" sa Boracay, ipinasara ni Duterte ang isla at ipinataw ang ala-batas militar na kapangyarihan ng militar at pulis para palayasin ang maliliit na negosyo at mga residente nito upang bigyang daan ang pinapaburan niyang negosyante. Kabilang dito ang konstruksyon ng isang *casino* ng isang negosyanteng Chinese at pabahay ng pamilyang Villar. Para takpan ang sunud-sunod na pagsingaw ng mga anomalya, ipinagmayabang ni Duterte na "ipapamahagi" niya ang buong isla sa mga katutubo rito. Noong Oktubre 24, wala pang walong ektaryang lupain ang diumano'y naipamahagi sa 44 pamilyang Ati.

Noong Oktubre 26, muling "binuksan" ni Duterte ang isla ng Boracay matapos ang anim na buwang "paglilinis" dito. Noon namang Oktubre 31, naging malinaw ang gamit-militar ng isla nang ianunsyo ng Philippine Coastguard ang konstruksyon ng isang P30 milyong radar sa Mt. Luho, Barangay Balabag para pigilan diumano ang pagpasok ng mga terorista sa isla. Ang totoo, ang naturang radar ay bahagi ng sistema ng mga radar na ipinagkaloob ng Japan sa Pilipinas para bantayan ang Sulu Sea at Pacific Ocean. Dudugtong ang sistemang ito sa dati nang inilatag na sistema ng mga radar ng US mula Sulu Sea at Palawan para tapatan ang militarisasyon ng China sa karagatan ng Pilipinas at South China Sea.

## 4 Astang anti-US at maka-independyenteng patakarang panlabas



"Iiwan ko na ang US," proklamasyon ni Duterte sa harap ng mga upisyal at negosyante ng China noong 2016. Noon pa man, ang hambog na ito ay nakabalangkas sa pagkopo ng mas malaking pondo para sa AFP at sarili niyang engrandeng mga plano. "Pera-pera lang," ang mas maaga pa niyang pahayag.

Ang totoo, naghahabol si Duterte sa US ng mas makabagong mga kagamitang militar tulad ng ipinangako niya sa AFP. Hindi magtatagal, sa pag-upo ng tulad niyang ultra-Kanang President Trump ng US, muli niyang pagtitibayin ang "habampanahong pakikipagkaibigan" ng neokolonyang Pilipinas sa imperyalistang US. Ang "gera sa Marawi" ay pinalabas ni Duterte na paglaban sa "kontra-terorismo" para salaminin ang hungkag na gera ng US, bigyang-daan ang panghihimasok ng militar nito at makakuha ng bagong mga armas mula sa dambuhalang pondo nito para sa "overseas contingency operations." Kalaunan, itinatag ng US ang Operation Pacific Eagle-Philippines para payungan ang papatinding interbensyong militar nito sa bansa at papalaking presensya ng mga tropa nito sa loob at kalapit na mga teritoryo ng Pilipinas. Idedeklara ni Duterte na "terorista" ang PKP at BHB bilang pagsunod sa kumpas ng US at kunin ang ayuda ng US sa kontra-gerilyang gera ng AFP.

Lumikha ng malaking ingay si Duterte na isusulong ang nagsasariling patakarang panlabas. Isa itong malaking panabing sa pagtatraydor sa pambansang kasarinlan ng bansa. Pagsasaad lamang ito ng kahandaang maging sunud-sunuran sa iba pang imperyalistang kapangyarihan. Partikular na nangangayupapa si Duterte sa China para makuha ang inaasam-asam niyang bilyun-bilyong dolyar na pautang na mataas ang interes kapalit ng pagbabalewala niya sa tagumpay ng bansa sa Arbitral Tribunal na kumilala sa karapatan ng Pilipinas sa mga isla at ibang pormasyong kalupaan sa South China Sea. Pumasok siya sa kasunduan para sa Joint Exploration na nagsuko ng ekslusibong karapatan ng Pilipinas sa yamang dagat, langis at iba pang mineral sa teritoryong karagatan ng bansa.

## 5 Kontra korapsyon

"Kahit isang piso, wala akong ninakaw sa gubyerno." Ito ang laging ipinagmamalaki ni Duterte para sabihing walang korapsyon sa kanyang rehimen. Ito ay sa kabila ng pagkakalantad ng daan-daang milyon sa mga *bank account* na hawak niya at kanyang anak na si Sara. Kahit ang kanyang yabang na siya'y isang "simpleng tao" lamang ay matagal nang natabunan ng luho at grandyosong mga bakasyon, palabas at piging ng kanyang mga pamilya.

Higit dito, walang saysay ang kanyang pangakong magsisisante siya ng libu-libong upisyal ng gubyerno kung makakaamoy siya ng "anumang bahid" ng korapsyon. Sa ngalan ng kampanyang ito, sinipa niya sa pwesto ang mga tauhan ng dating rehimeng Aquino para ipwesto ang sarili niyang mga alipures. Nagsalit-salitan sa pwesto ang pinakapinaboran niyang kamag-anak, kaibigan at kaalyado. Walang kinasuhan sa mga sinisante niyang mga upisyal, at ilan pa sa kanila ay inilagay sa mas matataas na pwesto.

## 6 "Mass surrender"

Lampas 4,000 na raw na Pulang mandirigma ng BHB ang "sumurender" at "nagbalik-loob" na sa reaksyunaryong estado mula 2017. Bahagi ito ng taktikang saywar ng militar para palabasing humihina na ang armadong rebolusyonaryong kilusan. Lampas-lampas ang bilang na ito kung ibabatay sa sariling kwenta ng AFP, na sa simula ng 2018 ay nagsabing "nasa 3,600" na lamang diumano ang kasapi ng BHB. Ang totoo, ang malaking mayorya ng sinasabing "sumurender" ay mga sibilyan na nilinlang, tinakot at ginipit ng AFP. Marami sa kanila ay inoobligang "sumurender" para "linisin" ang kanilang mga pangalan sa kabila nang walang kaso o ebidensya laban sa kanila. Maraming kaso na ang mga tao ay tinipon para bigyan diumano ng ayuda, at nagugulat na lamang na sila pala ay pinalalabas na "sumurender."

## 7 Red October

Sala-salabat ding kwento ang pinagsimulan ni Duterte at mga upisyal ng AFP kaugnay sa pakana diumano ng PKP na Red October, ang pinakahuli nilang tangka para bigyan-katwiran ang pagarangkada ng panggigipit sa lehitimong organisasyon at alyansa at kanilang mga kilos-protesta. Dahil sa tindi ng kahungkagan nito, napilitan ang AFP na ideklara itong "bigo" bago pa man nagtapos ang Oktubre. Ang totoo, bigo itong likhain ang anti-komunistang isterya sa loob ng mga paaralan, pabrika at komunidad, gayundin sa publiko sa pangkalahatan, na inasahan nitong magagamit na sangkalan para sa masisidhi pang pasistang pakana. Anumang malisyosong pag-uugnay ng mga welga, bungkalan, protesta at iba pang pagkilos sa Red October ay mabilis na nahubaran bilang tangkang gawing iligal ang naturang mga aktibidad at gawing ligal ang armadong pananalakay sa mga lumalahok dito. Ginagamit din ito ng rehimen para tabunan ang pananagutan nito sa kahindik-hindik na mga krimen, tulad ng pagmasaker sa siyam na magsasaka sa Sagay City. AB

# Abogado ng Sagay 9, pinaslang

Isa sa mga abogado na tumutulong sa pagkamit ng hustisya sa masaker na naganap kamakailan sa Sagay City, Negros Occidental, ang pinagbabaril at pinatay bandang 10:50 ng gabi noong Nobyembre 6.

Binaril ng mga di-nakilalang lalaki at nagtamo ng tatlong tama ng bala sa katawan si Atty. Benjamin Ramos, *secretary general* ng National Union of People's Lawyers (NUPL)-Negros, sa harap ng isang tindahan sa Barangay 5, Kabankalan City, Negros Occidental. Patay na siya nang dalhin sa kalapit na Holy Mercy Hospital sa nasabing syudad.

Ayon sa NUPL, si Ramos ang ika-34 na abogadong pinatay sa ilalim ng rehimeng Duterte. Isa siya sa unang sumaklolo sa mga biktima ng minasaker na magsasaka sa Hacienda Nene, Sagay City.

Isa rin siya sa mga tagapagtatag ng NUPL at nagsilbing abogado sa maraming magsasaka at mga kasapi ng iba't ibang progresibong organisasyon. Tumayo siyang abogado para sa "Mabinay 6," na inakusahang dawit sa isang engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB noong Marso.

Bago ang pagpatay kay Ramos, kabilang na siya sa inilabas na listahan ng pulisya na protektor umano ng mga rebelde at mga tulak ng droga. Bahagi ito ng kampanyang paninira ng estado sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Samantala, isa pa sa mga tumatayong abogado ng Sagay 9, si Atty. Katherine Panguban, ang kinasuhan ng gawa-gawang kaso ng *kidnapping* sa isang 14-taong gulang na bata na nakaligtas sa masaker.

**Pagpatay.** Walang awang pinaslang ng lokal na grupong paramilitar na Dios Uno ang dalawang magsasaka sa Sityo Canggabok, Barangay Nagbinlod, Sta. Catalina, Negros Oriental. Sakay ng motorsiklo sina Apollonio Diosana at Temestokles Seit Jr. nang harangin at pagbabarilin sila ng mga myembro ng grupo. Ang Dios Uno ay binuo ng PNP-Sta. Catalina upang tumulong sa kanilang kampanyang "kontra-insurhensya."

Binaril at pinatay ng mga di-nakilalang lalaki si Danny Boy Bautista, 31, kasapi ng Nagkahiusang mga Mag-uuma sa Suyapa Farms (NAMASUFA) sa Compostela Public Market sa Compostela Valley noong Oktubre 31.

Si Bautista ay aktibong kasapi ng NAMASUFA at kalahok sa nagpapatuloy na welga ng mga manggagawa ng Sumitomo Fruits Corp. (Sumifru) Philippines para igiit na itigil ang kontraktwalisasyon.

**Pamamaril.** Bandang alas-7 ng umaga noong Nobyembre 5, pinagbabaril ng mga gwardya ng panginoong maylupa si Aboy Mandaget, 10-taong gulang na batang Lumad, sa Barangay Kawayan, San Fernando, Bukidnon.

Ayon sa Kalumbay Regional Lumad Organization, biglang dumagsa ang 20 armadong gwardya sa lupang binubungkal ng mga Lumad para pagtamnan ng palay. Nagsimulang sirain ng mga gwardya ang mga pananim, kaya nagbarikada ang mga Lumad sa kanilang taniman. Agad silang pinaputukan ng mga gwardya. Ayon sa mga saksi, isang kinilalang "Totung" ang bumaril kay Mandaget sa paa. Agad na dinala ang bata sa ospital.

**Panggigipit.** Tuluyan nang pinaalis sa bansa si Sr. Patricia Fox, isang madreng Australyano na pinuntirya ni Rodrigo Duterte dahil sa matatag na pagpanig niya sa inaapi at pinagsasamantalahan ng rehimeng US-Duterte.

Gabi ng Nobyembre 3 nang tuluyan nang lisanin ni Fox, 71, ang Pilipinas kung saan naglingkod siya ng halos tatlong dekada sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, at maralitang lunsod. Ito ay matapos mapaso ang kanyang *visa*, na ginawang "travel visa" mula sa pagiging "missionary visa" ng Bureau of Immigration bilang pagsunod sa atas ni Duterte.

Bukod kay Fox, pinigilan din ng rehimeng Duterte ang pagpasok sa bansa ng isang kilalang Italyanong kritiko, si Giacomo Filibeck, at isa pang Australyano, si Gill Hale Boehringer, ngayong taon. Bahagi ito ng kampanya ng rehimen laban sa mga kritiko nito, Pilipino man o banyaga.

Noong Oktubre 25 naman, nakatanggap ng sulat ang Salugpongan Ta' Tanu Igkanogon Community Learning Center, Inc. ng Talaingod, Davao del Norte mula sa bayarang mga datu at paramilitar na Alamara na naguutos sa mga guro at mag-aaral na lisanin ang 19 na paaralang Lumad. Ginagamit nila si Datu Guibang na kasalukuyang hawak ng AFP para takutin ang mga pamilyang Lumad sa erya. Nagbanta rin ang mga elemento ng militar na aarestuhin si Datu Doloman Dausay, kilalang lider sa kanilang komunidad.

Patuloy naman ang pagbuhos ng pwersa ng pulisya sa Light Industry and Science Park (LISP) 2 sa Calamba City, Laguna upang gipitin at dahasin ang mga nagpipiket na manggagawa ng SMT-Philippines. Halos 40 araw na silang nagpuprotesta sa harap ng pabrika.

Makailang ulit nang hinaharangan ng pulisya at mga gwardya ng LISP 2 ang suportang pagkain at gamit para sa mga manggagawa.

Itinayo ng mga mangagawa ang kanilang ang piket matapos biglang isinara ang pabrika sa Calamba City noong Oktubre 1 habang nakikipagnegosasyon sila sa maneydsment ng kumpanya. Ang biglaang pagsara ay hindi dahil sa

nalulugi na ang kumpanya kundi para iwasan ang negosasyon sa unyon. Ang SMT-Philippines ay kilalang suplayer ng Epson at Toshiba.

**Pagdukot.** Sa Compostela Valley, dinukot ng mga elemento ng 71st IB si Imelda Hayahay, 53, noong Oktubre 15 mula sa kanyang bahay sa Purok 1, Star Apple, Barangay Pindasan, Mabini. Myembro si Hayahay ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Walog Compostela. Patuloy ding dinarahas ang kanyang mga kapamilya. Ang anak niyang si Jeanyrose, guro ng STTICLCI, ay pilit na pinasusuko bilang Pulang mandirigma kapalit ng kanyang paglaya.

Ilang araw matapos ang pagdukot kay Hayahay, natagpuang patay sa kanyang sakahan sa Barangay LS Sarmiento, Laak sa parehong prubinsya si Leonardo Mision, 62, kasapi ng Nagkahiusang Mag-uuma ug Lumad sa Laak.

**Demolisyon.** Sa pagpasok ng Nobyembre, muli nang sinimulan ang demolisyon sa Sityo San Roque sa Quezon City.

Sa kasagsagan pa ng bagyo noong Oktubre 30, sinimulang baklasin ng mga tauhan ng National Housing Authority (NHA) ang mga bahay ng halos 100 pamilya.

Una nang nangako ang NHA na bibigyan ng P30,000 danyos ang mga pamilyang kusang magsasagawa ng demolisyon ng kanilang bahay. Gayunman, binawi ng ahensya ang nasabing pangako at agad na sinimulan ang pagbaklas sa mga bahay.

Bahagi ang lupang kinatatayuan ng Sityo San Roque ng Quezon City Central Business District, at ilang taon nang paulit-ulit na nagsagawa ng demolisyon sa lugar. Ang ilang bahagi ng lupang pwersahang kinamkam sa dating mga residente ay kinatatayuan na ngayon ng mga *condominium* at *mall*. Magpapatuloy ang serye ng demolisyon hanggang sa ikalawang linggo ng Disyembre para gibain ang natitirang 300 bahay sa lugar. AB

# Mga salarin sa Sagay masaker, tukoy na

MATAPOS ANG MASINSING imbestigasyon, pinangalanan ng National Democratic Front (NDF)-Negros ang ilan sa mga paramilitar na sangkot sa pagmasaker sa siyam na magsasaka sa Hacienda Nene, Sagay noong Oktubre 20. Kinilala ni Fr. Frank Fernandez, tagapagsalita ng NDF-Negros, ang mga salarin na sina Vito Lotrago, Eduardo Linugon, Rexi Robles at isang nagngangalang Rako, dating mga myembro ng Revolutionary Proletarian Army at ngayon ay aktibong mga myembro ng Special Civilian Active Auxiliary ng AFP.

Kasabay nito, kinutya ng BHB-Northen Negros (Roselyn Pelle Command) ang P500,000 pabuya para sa mga salarin na inilabas ng mag-amang Alfredo Maranon Jr, gubernador ng Negros Occidental, at Alfredo Maranon III, meyor ng Sagay City. Ang pabuyang ito ay pakitang-tao lamang para palabasing wala silang kinalaman sa krimen. Ang totoo, ang mga Maranon, kasama ng iba pang malalaking panginoong maylupa, ang nagpapatakbo sa SCAA na naghahasik ng teror sa Sagay City. Kabilang sa mga krimen ng SCAA ang pagpatay sa mga lider-magsasaka na sina Ronald Manlanat at Flora Jemola.

Taong 2003 pa ipinailalim sa reporma sa lupa at iniutos sa pamilyang Tolentino na ipamahagi sa mga magsasaka ang 90-ektaryang Hacienda Nene. Noong 2013, naigiit ng mga magsasaka ang kanilang karapatan sa lupa at inilabas ng Department of Agrarian Reform ang kautusan para ipamahagi ito sa 39 pamilyang benepisyaryo. Para ikutan ang kautusang ito, "ipinamigay" ng mga Tolentino ang 70 ektarya sa kanilang drayber, kasambahay at iba pang "benepisyaryo." Pinaupahan ng mga "benepisyaryong" ito ang lupa sa ibang panginoong maylupa para taniman ng tubo sa ilalim ng sistemang aryendo.

Matapos ng 15 taon ng makatarungang paggigiit, nagdesisyon ang mga magsasaka dito na magbungkalan para pansamantalang ibsan ang gutom at hirap ng kanilang pamilya. Nakipag-usap sila sa sa mga aryendador para payagan silang magbungkal matapos anihin ang nakatanim na tubo.

Ayon sa National Federation of Sugar Workers (NFSW) sa Negros, dati nang nagtatanim ang mga magsasaka sa tiwangwang na mga lupa para magkaroon ng pagkain ang kanilang mga pamilya sa panahon ng Tiempo Muerto (panahon pagitan ng anihan at pagtatanim ng tubo). Ang kasalukuyang porma nito, ang sama-samang pagsasaka o bungkalan ay inilulunsad sa isla mula pa 2009.

Noong Abril, tinangka ng AFP na gawin itong iligal sa pagdedeklarang "aktibidad" ng Bagong Hukbong Bayan ang mga bungkalan at iniugnay pa ito sa hungkag na Red October. Mariing kinundena ng NFSW ang mga kasinungalingang ito, kasama ang pinakamalaking kasinungalingan na ang organisasyon ang may pakana sa masaker dahil "isinubo" nito ang mga magsasaka. Malinaw ang layunin ng AFP na itago ang mga krimen ng mga tauhan nito sa sala-salabat at paulit-ulit na mga akusasyon at nilubid na mga kwento.

Samantala, kinundena ng BHB-Northern Negros ang isa pang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa isla. Masinsing pang-aabuso at pananakot ang sinapit ng mga residente ng Purok Hoodam, Sityo Bideo sa Barangay Codcod, San Carlos City sa kamay ng 79th IB noong Oktubre 22. Binugbog ng mga sundalo ang 13 residente at pilit na pinaaming mga kasapi sila ng BHB. Lima sa kanila ay dinala pa sa kampo ng 79th IB sa Bato, Sagay City. Niransak din ng may 100 nag-ooperasyong sundalo ang mga bahay ng halos lahat ng mga residente at hinalughog ang kanilang mga gamit. AB

# Militarisasyon sa Samar, nilalabanan

MULA OKTUBRE 30 hanggang Nobyembre 5, nagkampuhan ang 2,000 magsasaka sa plasa ng Barangay San Miguel upang ipanawagan ang pagpapalayas sa militar sa kanilang mga komunidad sa Las Navas at Catubig, Northern Samar.

Sa harap ng walang tigil na panggigipit, ipinamalas ng mga magsasaka ang mahigpit nilang pagkakaisa at kahandaang lumaban. Anila, sigurado na kung magmamatigas ang militar, hindi na lamang mga taga-Las Navas at Catubig kundi pati ang mga residente sa iba pang mga bayan ay lalahok sa lumalaki at lumalawak na paglaban sa militarisasyon.

Mula nang bumisita si Rodrigo Duterte sa prubinsya noong Setyembre, dinagdagan ng AFP ang dati nang mga tropa nito sa lugar. Dati nang may mga detatsment at kampo militar sa mga barangay ng San Miguel, Poponton at Taylor sa Las Navas, at sa mismong loob ng Barangay Carawag sa Lao-ang. Nagsasagawa naman ang AFP ng mga operasyong kombat sa ngalan ng operasyong "peace and development" sa mga barangay ng San Miguel, San Francisco, Quirino, Perez, Magsaysay, San Antonio, Imelda, Capotoon, Cuenco, Avelino, Victory at Lakandula sa Las Navas; Tubang at Gibunawan sa Silvino Lobos; Rumbang, Lanubi at Tangbo sa Lao-ang; at Capacujan sa Palapag.

Tuluy-tuloy na tinututulan ng mga magsasaka ang umiigting na militarisasyon sa kanilang lugar na nakakadagdag sa kahirapan at kagutumang dinaranas nila.

Noong Oktubre 18, humigit-kumulang 100 katao mula sa walong baryo ang tumungo sa munisipyo ng Las Navas para isumite ang kanilang petisyon para palayasin ang mga sundalo sa kanilang lugar. Samantala, may 30 magbubukid at kasapi ng Northern Samar Small Farmers' Association (NSSFA) na dadalo sana sa dayalogo sa pagitan ng mga residente at ng meyor ng Las Navas ang hinarang ng mga elemento ng 20th IB. Naghapag din sila ng petisyon at resolusyon sa Commission on Human Rights sa Tacloban City.

Ayon sa mga residente, labis na nagdudulot ng takot at nakaaapekto sa kanilang kabuhayan ang pagkakampo ng AFP sa kanilang komunidad. Walang tigil rin ang atake at malisyosong paratang ng mga militar sa mga kasapi ng Katungod Sinirangang Bisayas at NSSFA.

Samantala, noong Nobyembre 7, dinala ng mga elemento ng 803rd IBde si Alfredo Pajanilla, upisyal ng Barangay San Francisco, Las Navas, sa kanilang kampo upang diumano'y makipag-usap kay Major General Raul Farnacio, ang kumander ng 8th ID. Hinarang naman ng tropa ng 20th IB ang mga delegado mula sa Northern Samar na dadalo sana sa pagkilos na ipinatawag ng People Surge sa Tacloban City. Tinakot din at pinagbantaan ng mga sundalo ang mga kanilang mga drayber kung kaya't napilitan silang bumalik na lamang.

Sa Bicol, okupado ng 31st IB ang hindi bababa sa siyam na barangay sa mga bayan ng Casiguran, Gubat at Barcelona sa prubinsya ng Sorsogon. Ayon sa mga residente, nagtayo ng Barangay Defense System ang mga sundalo kung saan sapilitang pinagbabantay ang mga residente. Tinitipon din ng mga sundalo ang mga kabataan upang siraan ang rebolusyonaryong kilusan, at ipinapailalim sa interogasyon ang mga pinagbibintangang sumusuporta sa BHB. Laganap ang paglalasing at pagsasabong ng mga sundalo na dagdag na ikinadidismaya ng mga residente. AB

## Kampanya kontra usura sa Capiz

MATAGUMPAY ANG MGA magsasaka ng mais sa Capiz na ibaba nang kalahati ang binabayaran nilang interes sa pautang ng mga komersyante-usurero. Bunsod ng serye ng mga pulong-dayalogo at negosasyong isinagawa ng mga magsasaka ng mais sa mga bayan ng Cuartero, Maayon at Tapaz sa mga komersyante, nilagdaan noong Oktubre ang isang kasunduan sa pagitan ng mga kinatawan ng mga magsasaka at ng komersyante.

Nakasaad sa kasunduan na magbabayad na lamang ang mga magsasaka nang 10% mula 20% ang interes sa pautang o mula P5,000 tungong P2,500 kada apat-na-buwang siklo ng taniman para sa ibinebentang binhi, pestisidyo at pamatay ng damo mula sa mga komersyante-usurero.

Dagdag dito, obligado ang komersyante na sundin ang itinakda at umiiral na presyo ng mais sa lokal na pamilihan at ibaba ang singil sa resiko. Obligadong magbigay ng upisyal na resibo ang komersyante kapag nabayaran na ng magsasaka ang kanyang utang. Para maiwasan ang pandaraya sa pagbili, napagkasunduan na kada buwan ay itatama ng mga komersyante ang kanilang mga kilohan. Sa kabilang banda, hindi na obligadong magbayad ng interes sa utang ang magsasaka kapag nasalanta ng kalamidad ang kanyang sakahan.

Dahil sa panimulang tagumpay na ito, nangako ang mga magsasaka na higit pang isusulong ang kanilang kampanya laban sa iba pang mapagsamantalang patakaran ng mga komersyante tulad ng sobrasobrang pagpepresyo sa mga *farm inputs*.

Pinamunuan ang kampanya kontra usura ng Pamanggas sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras at Kahublagan sang mga Mangunguma kag Mamumugon sa Uma sa Capiz . AB

# 15,000 nagprotesta laban sa batas militar

Mahigit 15,000 ang nagmartsa sa buong Mindanao noong Oktubre 23 bitbit ang panawagang wakasan na ang Martial Law at ibagsak ang rehimeng Duterte. Tinawag nila ang protesta bilang Mindanao Day of Action against Martial Law. Isinagawa ang mga protesta sa Davao City, Cagayan De Oro, Butuan at General Santos.

Sa Cagayan de Oro, mahigit 5,000 ang lumahok mula sa mga demokratikong sektor at relihiyoso. Bitbit ang *effigy* ni Duterte na sakay sa tangkeng panggera, nagmartsa sila tungong Divisoria.

Mahigit 5,000 rin ang dumalo sa Butuan City. Gumawa ang mga grupo ng *effigy* ni Duterte na sakay ng tren bilang pagsasalarawan ng batas na TRAIN ng kanyang rehimen at ang pagpapahirap nito sa mamamayan. Sa pagtatapos ng programa, winasak ng mga Lumad at magsasaka ang *effigy* bilang simbolo ng kanilang galit at pagtutol sa kanyang mga patakaran.

Matagumpay namang nakadalo ang 600 manggagawang bukid mula sa Compostela Valley sa kabila ng mga tsekpoynt na itinayo ng AFP para pahirapan sila. Sumama sila sa 3,000 mamamayan na nagmartsa mula sa Davao City Hall tungong Freedom Park. Nasa unahan ng protesta ang mga manggagawang pangkulturang nagsuot ng mga damit na kunwa'y duguan upang isalarawan ang pasismo ng rehimen. Naging matagumpay ang pagkilos sa kabila ng pagpapakalat ng malisyosong atake at *red-tagging* ng anak ni Duterte at meyor ng Davao na si Sara sa *social media* at pandarahas ng mga elemento ng Task Force Davao at PNP-Davao.

Nakapaglunsad din ng pagkilos ang iba't ibang sektor sa General Santos City upang kundenahin at ipanawagang itigil na ang militarisasyon sa kanilang mga komunidad. Ang ilan sa mga nagprotesta ay mula sa Lake Sebu, South Cotabato kung saan walong Dulangan-Manobo ang pinaslang ng pwersa ng estado noona 2017.



### Protest caravan

Nagsagawa ng "protest caravan" noong Oktubre 30 sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno ang iba't ibang progresibong grupo kasabay ng pagdinig sa kaso ng tinaguriang "Sta. Cruz 5" na dinakip noong Oktubre 15. Ang lima ay sina National Democratic Front of the Philippines (NDFP) *consultant* Adelberto "Adel" Silva, Hedda Calderon, Ireneo Atadero, Ediciel Legazpi at Julio Lusania.

Kinundena ng mga grupo ang pag-aresto sa lima at ipinanawagan ang kanilang kagyat na paglaya. Anila, gawa-gawa lamang ang kasong isinampa laban sa lima, partikular ang "illegal possession of firearms and explosives," dahil itinanim lamang ng mga operatiba ng militar at pulis ang mga baril at granada sa sasakyan nina Silva noong sila ay hulihin.

### 'Die-in protest'

Noong Oktubre 25, nagsagawa naman ng "die-in protest" sa harap ng Iglesia Filipina Independiente National Cathedral sa Taft Avenue, Manila bilang pagkundena sa hindi bababa sa 13 masaker na naitala na sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Metro Manila, nagsindi ng mga kandila ang mga progresibong grupo at humiga sa kalsada upang isadula ang laganap na pagpatay sa ilalim ng rehimen.

Sa tala ng grupong Karapatan, 13 na ang naisadokumentong masaker sa ilalim ni Duterte mula 2016. Kabilang sa mga ito ang pagpatay sa mga magsasakang Lumad sa Lake Sebu noong 2017, pagpatay sa pitong kabataang magsasaka sa Patikul, Sulu noong Setyembre, at ang pagpatay sa siyam na magsasaka sa Sagay nitong Oktubre. AB

## Rali ng mga paramilitar, kinundena

Kinundena ng iba't ibang grupo ang paglulunsad ng rali sa University of the Philippines (UP)-Diliman ng pusakal na mga lider ng mga grupong paramilitar noong Oktubre 29. Kabilang sa mga ito ang mga lider ng Magahat-Bagani na sangkot sa masaker sa pinuno ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (Alcadev) na si Emerito Samarca, at mga lider Lumad na sina Dionel Campos at Aurelio Sinzo noong 2015.

Nagtungo ang mga paramilitar sa UP upang ilahad na umano'y mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang pumapatay at naghahasik ng lagim sa mga komunidad ng Lumad.

Ayon sa UP Diliman University Student Council (USC), "red-tagging" ang ginagawa ng grupo na pinamunuan pa ni Mocha Uson, dating upisyal sa komunikasyon ng rehimeng Duterte. Anang mga estudyante, ipinapahamak lamang nina Uson ang iba pang organisasyong Lumad. Kinundena rin ng USC ang patuloy na pagsuporta ni Uson sa nag-aastang diktador na si Rodrigo Duterte, na patuloy na nagkakait sa karapatan sa lupang ninuno ng mga Lumad.

Naglunsad ng kontra-protesta ang mga grupo sa pangunguna ng Anakbayan at League of Filipino Students sa pamantasan noong araw ding iyon upang kontrahin ang mga paratang ng grupo ni Uson.

# Ang gawaing kultura sa rebolusyonaryong base



Sinalubong ng dalawang milisya ang mga kasamang bumisita sa isang larangang gerilya ng Bicol nitong Oktubre. Magiliw nilang kinumusta ang mga dumating. Makalipas ang ilang minutong lakaran, sinalubong sila ng mahigpit na mga pakikipag-kamay ng kumander ng platun ng Bagong Hukbong Bayan.

Si Ka Leon, ang isa sa mga sumalubong, at ang kumander ng platun na si Ka Bager ay parehong dating myembro ng grupong pangkultura sa Barangay Lemon. Itinayo ng mga kasama ang naturang grupo 15 taon na ang nakararaan. Matapos ang mahigit isang dekada, naging mahuhusay nang pwersa ng rebolusyon ang puu-puong kabataan at kanilang mga nakatatanda na nahubog sa rebolusyonaryong gawaing pangkultura sa baryo at mga kanugnog nito.

Bandang 2002, nagpakat ng tim ang namumunong komite ng Partido sa lugar upang magbuo ng mga grupong pangkultura sa mga baryo. Nakasanib sa BHB ang tim na ito at kasabay sa araw-araw na gawain ng hukbo. Nang panahong iyon, bagong-buo pa lamang ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa baryo. Nagsisimula pa rin lamang lumarga ang kampanya para mapababa ang porsyentong kinakaltas ng mga komprador sa produkto ng mga magniniyog.

Nakatyempo sa mga aktibidad na ito ang pagkakabuo ng unang grupong pangkultura. Ang pyesang una nilang pinraktis ay sadyang nilikha para sa kampanya. Pinalitan ng progresibong liriks ang isang sikat na kanta noon at nilangkapan ng karampatang sayaw. Kwento ng isa sa mga organisador na si Ka Jabi, "ang pagtanghal ng grupong pangkultura para sa mga aktibidad kaugnay ng kampanya ay hindi lamang para aliwin ang mga tao kapag sila ay pagod na, kundi para itanghal ang sining ng mamamayan."

Ito rin ang dahilan kung bakit naging madali para sa mga organisador na mapalahok ang unang mga myembro. Karamihan ay mga bata at kabataang anak ng mga kasapi ng PKM ang inimbitahan para buuin ang grupo. Sumasaklaw ng otso hanggang 18 ang karaniwang edad ng mga myembro. Maliban sa hilig ng mga kabataan ang pagkanta at pagsayaw, unawa rin nila ang ipinaglalaban ng kanilang mga kababaryo at mga karatig-barangay.

Kasabay ng tagumpay ng laban ng mga magniniyog sa kulumpong iyon ng mga baryo ay ang pag-abot ng grupo sa mga residente sa iba pang lugar. Hindi nagtagal ay naiimbita na silang magtanghal sa mga pista at eskwelahan. Ilang pagkakataon ding inimbita sila upang tumugtog at kumanta sa radyo. Syempre pa, sa mga aktibidad sa loob ng sonang gerilya, laging may pagtatanghal ang mga grupo.

Nilinaw ni Ka Jabi na hindi limitado sa pagtugtog, pagkanta at pagsayaw ang gawain ng grupo. "Binuo sila bilang isang tsapter ng Kabataang Makabayan. Ang mga pagtitipon ay hindi lamang para magpraktis, kundi para na rin mag-aral sa PADEPA (Pambansa Demokratikong Paaralan), magplano at iba pa." Kabilang sa pangunahin nilang pinag-aaralan ay ang oryentasyon sa rebolusyonaryong gawaing pangkultura, at mga sulatin nina Mao at Sison hinggil sa kultura. Kung sa pag-oorganisa naman, ang mga bata na rin ang nagboboluntir sa pag-imbita ng kanilang mga kababaryo, kaklase at kakilala sa kalapit na mga barangay.

Nang binuo ang grupo, dalawa sa myembro nito ay mga kagawad ng sangay ng Partido sa lokalidad, kaya't nasusubaybayan at nagagabayan ang grupo. Nito lamang nagdaang ilang taon, ipinasa na sa Komiteng Seksyon ang paggabay sa kanila. Tumutulong din sa pangangasiwa ang dating mga myembro. Kahit malayo ang yunit ng hukbo at mga organisador, nagagawa na ng grupo na makapag-ensayo nang sarili. Sa pagdaan ng panahon, at sa mga inilunsad na *workshop*, ay naarmasan na rin sila ng kakayahang magbuo ng mga malikhaing galaw para sa pyesang itatanghal.

Umabot sa mahigit sampu ang mga grupong pangkulturang nabuo sa saklaw ng larangang gerilya. Karamihan sa mga narekrut sa mga ito ay mga kabataan, ngunit mayroon ding grupong pangkultura ng mga nanay at iba pang nakatatanda. Kwento ni Ka Jabi, nitong huling nag-imprenta sila ng mga *t-shirt* ng grupo sa klaster ng Barangay Lemon, umabot sa mahigit isandaan ang nabilang na kasalukuyan at dating mga myembro.

Ang iba sa mga grupo ay lumapit mismo sa mga organisador at nagpatulong na mabuo ang kanilang grupo. Sa iba pang bayan na pinakatan ng mga organisador, naging

epektibo ang tugtugan at kantahan. Dagdag pa ni Ka Jabi, "sa bagong erya, nagsimula lang kami sa pagtugtog ng gitara at pagkanta. Alam ng masa kung para kanino ang awitin ng mga kasama. Pagkatapos niyon, talakayan naman." Dahil sa hilig ng masang magsasaka sa mga kantahan, hinaharana sila ng mga kasama ng rebolusyonaryong mga awit.

Minsan naman, nagboluntaryo ang isang nanay na myembro ng *choir* sa lokal na parokya na i-areglo ang mga mang-aawit ng grupong kinabibilangan ng kanyang anak. Nawiwiling alala ni Ka Jabi, "nagulat na lang kami nang kinanta nila ang Internationale na may iba't ibang boses na!" Sa baryong tinutukoy ni Ka Jabi, siyam na myembro ng grupo ang sabay-sabay na sumampa sa hukbong bayan.

Hindi na mabilang sa daliri ang mga nagmula sa mga grupong pangkultura na nagpultaym sa BHB. Kung hindi man naghukbo ay naging aktibong mga myembro sila ng mga sangay ng Partido sa lokalidad. Sina Ka Leon at Ka Bager ay kabilang sa ikalawang bats ng grupong pangkultura sa kanilang baryo. Ang isa sa naunang mga myembro, si Ka Raul, ay kasalukuyang kadre ng Komiteng Seksyon at kasapi ng lokal na yunit gerilya. Aktibo naman sa organisasyong masa ang iba pang kapatid ni Ka Bager na ka-bats niya rin sa grupo.

Paano naikikintal sa kanila ang mataas na diwang rebolusyonaryo? "Paraan ng pag-iisip, paninindigan at paggawa ang binabago ng rebolusyonaryong kultura," sabi ni Ka Jabi. "Sa mahabang panahong pag-iral ng mga grupong pangkultura, natuturuang magsuri ang mga myembro. Kahit sa simpleng panonood ng telebisyon at pakikinig sa radyo, alam ng mga bata kung ano ang makatotohanan at hindi, ang tama at mali. Maging sa loob ng pamilya at sa baryo ay wastong naharap ng mga myembro ang mga problema, halimbawa'y pagpuna sa magulang na may bisyo, o kaya'y pagpaliwanag sa kapwa kabataan sa baryo na may maling pananaw sa grupo."

Malaking salik din sa paghubog sa rebolusyonaryong tindig ng grupo ang malimit na pakikisalamuha sa hukbong bayan. Saksi sila sa mga katangian at gawain ng BHB, na nakaeengganyo sa kanilang sumapi pagsapit ng hustong gulang.

Bagamat hindi maiwasan ang minsang pagkahilig sa mga kantang burges, mulat ang mga myembro ng grupo na magpatugtog ng mga rebolusyonaryo at progresibong awitin, laluna kapag magkakasama sila sa mga ensayo. Malaking tulong din ang mga pagtatanghal upang baklasin ang pagkamahiyain ng masang magsasaka. Dahil sa mga pagtatanghal, mula pagkabata ay nasasanay ang mga myembro na humarap sa maraming tao. Puhunan na rin ito sa pagbalikat nila ng papalaking mga tungkulin sa rebolusyon, halimbawa'y sa pagbibigay ng pag-aaral, pagkumpronta sa panginoong maylupa, pagkumand sa hukbo at iba pa.

Kabilang din sa programa ng komite ng Partido ay ang paglulunsad ng mga paligsahan sa isports. Sa nagdaang mga taon, ilang torneyo na ng basketbol ang inilunsad sa dalawang magkanugnog na kulumpon ng mga baryo. May panahong maging ang mga kabataan sa kabilang larangang gerilya ay dumayo pa at nakipaglaro.

Hamon ngayon kina Ka Jabi, liban pa sa pagsustine sa mga grupo, ay ang pag-aangat ng porma ng mga pagtatanghal. Napansin niya na sa bagong mga bats, kapag nagbibinata na't nagdadalaga ang mga myembro ay nahihiya nang magtanghal. Para sa mga organisador, kinailangang iangkop ang pyesa maging sa mga nagtatanghal, at hindi lamang sa mga manonood. Kung kaya, may langkap nang musikang *rap*, sayaw na *hip-hop* at iba pang kontemporaryong elemento ang kanilang mga pyesa, tulad ng kinagigiliwan ngayon ng mga kabataan na *spoken word* o tulang naratibo. Kailangan din ng mga tipo ng pagtatanghal na nananatiling patok sa masa, tulad ng mga konsyerto at mga iskit o maiiksing dula na maaaring itanghal saanman.

Higit na susulong ang gawaing pangkultura sa larangang gerilya, lalupa't nakatakda nang lagumin ang mayamang karanasan ng mga grupo. Sa klaster pa lamang na kinabibilangan ng Barangay Lemon, hindi bababa sa 40 ang kasalukuyang bilang ng myembro. Mas marami pa ang gustong magpaloob sa mga grupo, ayon kay Ka Jabi. Ang mga grupong pangkultura na ito ay mananatiling balon ng mga tulad nina Ka Raul, Ka Bager, Ka Leon at ang puu-puong kasapi na humuhubog sa rebolusyonaryong kultura sa kanayunan. AB



# Pagpapanday ng Partido sa Peryo

*Ang artikulong ito ay ambag ng mga myembro ng Partido sa rehiyon ng NCR sa serye ng* Ang Bayan (AB) *tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa iba pang komite ng Partido na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*




Labindalawang taon na si Gem sa Peryo, isang kilalang pagawaan ng pagkain sa Metro Manila, nang tanggalin siya sa trabaho kasama ng iba pang mga manggagawa dahil sa paggigiit nila ng makatarungang sahod at regularisasyon.

Mayroong higit 500 manggagawa sa pabrikang pinapasukan nina Gem. Karamihan sa kanila ay kontraktwal na mga manggagawa at tumatanggap ng mas mababa pa sa minimum na sahod. Hindi rin sila binibigyan ng anumang benepisyo—walang 13th *month pay*, walang *holiday pay*, walang *service incentive leave pay*, walang PhilHealth, PAG-IBIG at SSS. Maging ang pagkakaroon ng oras para makakain sa pagitan ng 12-14 oras na trabaho nila ay wala.

Bukod pa sa sahod at benepisyong hindi nila natatamo, mapanganib din ang kanilang kalagayan sa paggawa. Tulad ng ibang pabrikang nagtitipid, wala silang kagamitang pangkaligtasan, araw-araw pa silang nakalalanghap ng nakalalasong kemikal na ginagamit para malikha ang kanilang produkto. Kapag may naaaksidente o nagkakasakit ay itinatago ito ng maneydsment at hindi man lang pinagagamot ang mga manggagawa.

Ang kanilang kalagayan ay para bang pinakatatagu-tagong lihim ng maneydsment. Ngunit kalaunan ay nalantad din ang maling pamamalakad ng may-ari at mga tagapamahala ng pabrika. Nang gumawa sila ng hakbang para ilantad ang kanilang kalagayan, isinuspinde sila ng maneydsment at pinaratangang sinasabotahe ang operasyon ng pabrika.

Bagamat may unyon sa kanilang pagawaan, kimi ito sa di-makataong pagtrato ng kumpanya sa kanyang manggagawa. Higit pa, kasabwat at ibinebenta ng mga tumatayong lider-unyon ang kanilang mga laban. Tumindi pa ang pananamantala ng kumpanya. Sa kalagitnaan ng taon, maraming manggagawa ang iligal na tinanggal. Natulak ang mga manggagawa na pagkaisahin ang kanilang hanay at ilunsad ang protesta. Kalaunan, itinayo nila ang lihim na rebolusyonaryong organisasyon para higit pang palakasin ang kanilang paglaban.

**Daluyong ng paglaban**

Sa pagsisimula ng kanilang mga laban, may ilan nang manggagawang namulat at naabot ng rebolusyunaryong mga pwersa. Matama nilang pinag-aralan ang kanilang kalagayan laban sa kita ng kapitalista. Mula rito, namulat sila sa mataas na tantos ng pagsasamantala ng kanilang pinagsisilbihang kapitalista.

Higit na naging makatarungan ang kanilang laban para sa dagdag na sahod at regularisasyon. Alinsunod sa kanilang mga pag-aaral, umaabot sa 40% ng buwanang sahod ang agwat sa pagitan ng mga regular at kontraktwal na manggagawa. Dagdag na kita sa kapitalista ang 60% na dapat napupunta sa mga kontraktwal. Ramdam na ramdam ng mga manggagawa ang kakapusang ito laluna sa harap ng nagtataasang presyo ng bilihin at singil sa serbisyo.

Madaling maihambing ng mga manggagawa ang laki ng kita ng pabrika sa kakayanan nitong magbayad ng mga personaheng may pinakamahal na bayad sa patalastas at *endorsement*. "Buti pa sa mga artista at mga sikat na tao, nakakapagbayad sila, pero sa mga manggagawang lumilikha ng produkto nila, napakadamot ng maneydsment," ani Gem.

Sa proseso ng kanilang pakikibaka, hinarap ng mga manggagawa ang mga ligal na proseso upang ikampanya ang pagpapabuti ng kalagayan sa paggawa. Malinaw sa mga sangay ng Partido sa pamamagitan ng kanyang mga pulong na ang ligal na aspeto ng pakikibaka ay komplimentaryo lamang sa pakikibaka sa lansangan kaya mas pinasigla nila ang iba't ibang porma ng protesta.

Bitbit ang mga aral mula sa rebolusyunaryong kilusang paggawa, inilaban nila ang kanilang mga karapatan at mulat na ginamit ang lahat ng pagkakataon hindi lamang para makaganansya sa trabaho at makamit ang kanilang mga panawagan, kundi upang agresibong makapagpalawak.

Susi ang pagsasagawa nila ng piket. Mula sa iilang kasapi, lumaki ng higit 350% ang kanilang kasapian sa panahon ng kanilang paglaban.

Sa panahon ng kanilang kampanya, nakaranas ng pandarahas, intimidasyon, sarbeylans, at pagbabanta ang mga manggagawa mula sa maneydsment at kapulisan. Ilang beses ding nagbanta ng marahas na pagbuwag ang mga

*"Pagpapanday...," sundan sa pahina 13*

# Saan napupunta ang pondong paniktik ng rehimen?

Batay sa kalalabas pa lamang na taunang ulat para sa 2017 ng Commission on Audit (COA) ng reaksyunaryong gubyerno, lampas doble ang inilaki ng pondong nakalagak sa "confidential, intelligence, and extraordinary and miscellaneous expenses" noong 2017, kumpara noong 2016.

Tinatawag ring "black budget" ang pondo ito dahil kahit pera ito ng taumbayan, hindi obligadong magsumite ng ulat ng pinaggastusan ang mga upisina at ahensyang gumamit nito.

Ayon sa naturang ulat, lumobo tungong P8.98 bilyon sa 2017, mula sa P4.44 bilyon noong 2016—o tumataginting na 101.78% pagtaas—ang nagamit na pondo para sa "confidential and intelligence expenses."

Halos tatlong-kapat (3/4) ng pondong ito ay ginasta ng tatlong pangunahing institusyon sa reaksyunaryong gubyerno—ang Office of the President (OP), na gumastos ng P2.515 bilyon; ang Department of National Defense (DND), na gumastos ng P2.22 bilyon; at ang Kongreso, na gumastos ng P1.797 bilyon.

Sa papel, ginagamit para sa mga operasyon sa paniniktik pero higit dito, nagsisilbi itong personal na pondo ng presidente at mga upisyal-militar para sa anumang nais nilang pagkakagastusan.

**Lumolobong sikreto**

Batay sa datos mula sa Department of Budget and Manage-

*"Pondo...," sundan sa pahina 14*

*"Pagpapanday...," mula sa pahina 12*

gwardya. Ito ang higit na nagpanday ng kanilang paninindigan sa pulitika. Batid nilang kasabay ng pagkikipaglaban nila sa kapitalista, nilalabanan din nila ang mga batas at patakaran ng reaksyunaryong estado.

**Pagkamulat sa rebolusyonaryong paglaban**

Para kay Gem, maliit na sakripisyo lamang ang pagkakatanggal niya sa trabaho para sa mas malaking tagumpay na gustong makamit ng mga manggagawa at mamamayan. Mula noong araw na siya at iba pa niyang kasama ay iligal na tinanggal, itinuon na niya ang kanyang buong panahon sa pagmumulat at pagpapaliwanag hinggil sa rebolusyon.

Hindi nag-iisa si Gem. Sa katunayan, 30% ng mga manggagawa ng Peryo ay buong-panahon nang kumikilos ngayon.

Naitayo ang samahan ng mga manggagawa noong unang kwarto ng 2018 bilang resulta ng gawaing ekspansyon ng seksyon ng mga manggagawa sa kalapit na pabrika. Kasabay ng malawak na panawagan para sa regularisasyon, mabilis na nakapagpalawak at nakapagkasa ng mga kampanya ang mga manggagawa. Sa panahong ito nagkaroon na ng panimulang rekrutment sa Partido.

Bagamat bago pa lamang ang sangay ng Partido sa pagawaan, aktibo ang mga unang kasapi na magrekomenda ng mga bagong kasapi. Sila ang nagtitipon ng mga target para i-rekrut at nagtitiyak na mapatapos ng mga pag-aaral.

Higit na nakita ng mga manggagawa ang kawastuhan ng kanilang pakikibaka dahil sa muling pag-abante ng kilusang kampuhan sa direksyon ng panrehiyong organo ng Partido. Nakikilala at nakakasalamuha nila ang iba pang mga manggagagawa sa ibang unyon na may katulad na kalagayan nila.

Tangan ang mga aral ng pagwawasto at personal na karanasan sa hirap na dinaranas ng mga manggagawa, mabilis nilang pinatapos ang mga kapwa manggagawa ng batayang kurso at iba pang susing aralin. Para sa kanila, nagsisilbing liwanag ang mga aral na nagmulat sa kanila sa katotohanan.

Dahil malapit lamang sa kanilang mga tahanan, ilang ulit ding aktibong lumahok ang mga bagong-panday na rebolusyunaryong manggagawa sa laban ng iba pang kasapi ng kanilang sektor sa mga kalapit na pabrika. Sumasali rin sila sa mga demonstrasyon sa sentrong lungsod.

Mula sa pagkakabuo ng sangay ng Partido sa pagawaang ito, nakapagpalawak na sila sa iba pang kalapit na pagawaan. Isa na ito sa mga pangunahing tungkulin ngayon ni Gem.

"Natutuwa ako at positibo talaga ang pagpapakilala sa akin sa Partido. Nanghinayang ako sa lumipas na mga taon na hindi ko kaagad nakilala ang organisasyon, pero naniniwala ako na kailangang magrebolusyon ng mga manggagawa para mapamunuan ang pagsusulong ng lipunang para sa mga inaapi," banggit ni Gem.

Sa kasalukuyan, masinsin nang pinaplano ng mga manggagawa kung paano pa mapabibilis at gagawing mas episyente ang pagpapataas sa kanilang pag-unawa sa ideolohiya, dahil batid nilang ang pag-aaral sa teorya ay susi at katambal ng malakas at matagumpay na praktika.

Malinaw sa mga manggagawa ang pangangailangan para lubos na humigpit ang kanilang paggagap sa tamang pagsusuri sa lahat ng aspeto ng lipunan. Sa katunayan, halos araw-araw silang nagtatalakayan hinggil sa pambubusabos ng estado sa mga manggagawa at parati silang naghahanap ng paraan kung paano maisasabuhay ang kanilang mga natututunan. AB

"Pondo...," mula sa pahina 13

ment, sa kabuuan, mula 2016-2018, nakagamit na ng P16.45 bilyon si Duterte para sa pondong lihim at paniktik. Ito ay mahigit 92% mas malaki kung ihahambing sa P8.56 bilyong kabuuang gastos ng rehimeng Aquino mula 2010-2015.

Ngayong 2018, umaabot na sa P8.08 bilyon ang kabuuang badyet para sa paniktik, mahigit apat na beses na mas malaki kung ihahambing sa P1.58 bilyong pinagsamang pondo para rito mula 2016. Sa 2019, aabot naman sa P6.28 bilyon ang laang pondo para rito.

Pinakamalaki ang *black budget* ng Office of the President. Nang simula ng rehimeng Duterte noong 2016, mayroon itong P500 milyong *black budget*. Nitong 2018, lumobo ito tungong P2.5 bilyon. Direkta sa presidente ang pag pag-apruba ng gamit ng pondo. Ang pangulo din lamang ang tumatanggap ng ulat hinggil sa paggamit nito.




Dahil sa napakalihim na katangian ng nasabing pondo, bukas na bukas ang multibilyong badyet na ito sa abuso. Sa katunayan, isa sa mga kasong kinaharap ng dating pangulo at ngayo'y House Speaker Gloria Arroyo ay ang paglustay sa P325 milyong *black budget* sa ilalim ng Philippine Charity Sweepstakes Office sa huling tatlong taon ng kanyang panunungkulan.

Maraming ulat din ang nagpapakita na sa tagong bahaging ito ng badyet ng rehimen kinukuha ang pondo para sa pagbabayad ng mga "troll" sa internet at mga tauhan nitong gumagawa ng "fake news."

Sa isang ulat na inilabas ng Oxford Internet Institute, lumalabas na may 400-500 tauhan ang rehimeng Duterte na buong-panahong gumagawa ng mga pekeng *social media account* at nagmamanupaktura ng *fake news*, at ang sari-saring kontratang kanilang nakukuha sa reaksyunaryong gubyerno ay nagkakahalaga ng hindi bababa sa P10.5 milyon kada kontrata. Maraming eksperto ang nagsasabing sa *black budget* hinuhugot ang pondong ito.

**Kla$ipikado**

Ang paggamit—at ang pagkakaroon—ng *black budget* ay isang impluwensyang direktang maikakabit sa imperyalistang US. Dito, palaging pinagdedebatihan ang paglalaan ng bilyunbilyong pondo na lihim ang pinaggagamitan.

Kabilang sa mga kilalang pinaggagamitan ng *black budget* ng US ang pag-eespiya at iba pang mga aktibidad nito laban sa ibang mga bansa, ang paglikha ng mga bagong armas at bomba, at ngayon—ang tinatawag na "astroturfing" o pagpopondo sa mga "troll account" sa *social media* at iba pang pamamaraan para kontrolin ang opinyong publiko, na bahagi ng tinatawag nilang "offensive cyberoperations." Sa katunayan, pinalalaganap ng US ang ganitong *cyberoperations* sa pamamagitan ng paghahasa sa mga eksperto sa ilalim ng mga pagsasanay-militar nito sa mga malakolonya, kabilang ang Pilipinas. Ang *black budget* din ang pinagmulan ng pondo para sa paglinang ng iba't ibang porma ng tortyur na ipinalalaganap ng US. AB

## Kriminalidad ng mga pulis laban sa kababaihan, palala nang palala

SA ILALIM NG rehimeng Duterte, palala nang palala ang mga krimen ng mga pulis laban sa mamamayan, partikular sa kababaihan. Lalong lumakas ang loob ng mga ito na magsamantala at mang-api dulot ng lantad na pagkamuhi ni Rodrigo Duterte sa sektor.

Sa isang pag-aaral ng Center for Women's Resources (CWR) noong Oktubre, umaabot na sa 56 mga pulis ang sangkot sa 33 kaso ng pagsasamantala sa kababaihan at bata mula nang maupo si Duterte. Kalahati nito ay mga kaso ng panggagahasa, habang 13 ay mga krimeng isinagawa sa kumpas ng "gera kontra-droga." Pinakahuli rito ang nalantad na panggagahasa ng isang pulis sa 15-anyos na anak ng mga pinagsuspetsahang gumagamit ng droga. Isang 11-anyos na batang babae rin ang hinalay ng apat na pulis habang naglulunsad ng kontra-drogang operasyon. Walang pakundangang nang-aabuso ang mga pulis, ayon pa sa CWR, dahil tiyak silang hindi sila mapaparusahan. Katunayan, sa mga kasong ito, isa pa lamang ang inaksyunan ng estado. Mayorya sa mga reklamo ay ibinasura o hindi na sinundan ng ng pagsasampa ng kaso.

Direktang responsable si Duterte sa mga krimeng ito. Harap-harapang ineengganyo niya ang mga pulis, gayundin ang mga sundalo, hindi lamang para lapastanganin ang karapatan ng mamamayan, kundi patayin sila. Makailang beses niyang ipanawagan ang pagpatay sa mga inaakusahang gumagamit at nagtutulak ng droga at magtanim ng ebidensya laban sa kanila. Ibinibigay ni Duterte ang kanyang proteksyon sa mga pulis at sundalo, kabilang ang mga manggagahasa at mamamatay ng mga bata. Hindi iilang pagkakataong ginagantimpalaan pa niya ang mga ito ng pera at posisyon. AB